Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

Synod 2021 2024
For a synodal Church
communion | participation | mission

**6 Oktubre 2024 — Ika-27 Linggo sa Karaniwang Panahon — Taon B**

## ANG DUYAN NG BUHAY AT PAGMAMAHAL



*Ipinaaalaala sa atin ng mga pagbasa ngayon na ang pamilya ay siyang una't batayang institusyon ng lipunan. Ang kalikasan at layunin nito ay nakaukit sa katotohanang walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang. Kaya't kailangan ng mag-asawa ang tulong ng kanilang "kabiyak" upang matamo ang kanilang ganap na potensyal at matugunan ang kanilang emosyonal at pisikal na pangangailangan.*

*Subali't masakit man aminin, naipunla na ng kasalanan sa maraming pamilya ang mga binhi ng kasakiman at pagtataksil na nauuwi sa mga napakasakit na pagkakawatak-watak ng pamilya. Si Hesus, na naparito upang ibalik ang lahat ng aspeto ng ating buhay sa kanilang orihinal na karangalan, ay nagpapaalaala sa atin ngayon sa plano ng Diyos para sa pamilyang pantao, at inaatasan niya ang lahat na panatilihin ito sa paraang ginawa ng Diyos. Panalangin nating mataimtim sa araw na ito ang lahat ng mag-anak sa ating lipunan.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Dahil sa 'yong kalooban na hindi malalabanan, sanlibuta'y umiiral. Langit, lupa'y 'yong kinapal. Diyos ka ng sanlibutan.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**
***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo. *(Manahimik saglit.)*

***P*** – Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami!
***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami!
***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, ang iyong dakilang pagkamaawain ay nangingibabaw sa aming ginagawang kabutihan at idinadaing na mga kahilingan. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay gawin mong mag-umapaw upang ang kasalanang ipinangangambang ihingi ng kapatawaran ng budhi naming takot na ikaw ay lapitan ay iyong patawarin nang lubusan at ang ipinag-aalangan naming hilingin sa pagdarasal ay iyong pagbigyang aming makamtan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Gen 2:18-24*
*Inilalahad ng Aklat ng Genesis ang pinagmulan ng pamilyang pantao bilang bahagi ng plano ng Dakilang Lumikha. Ang kalikasang sosyal at pantay na karangalan ng lalaki at babae ang mga matibay na pundasyon ng isang maligayang pamilya at ng isang tapat na lipunan.*

*L* –Pagbasa mula sa Aklat ng Genesis

**Sinabi ng Panginoong Diyos: "Hindi mainam na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong." Kaya, lumikha siya ng mga hayop sa parang at ibon sa himpapawid, inilapit sa tao, at ipinaubaya rito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itawag, iyon ang magiging pangalan nila. Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop, maging maamo o mailap. Ngunit wala isa man sa mga ito ang angkop na kasama at katulong niya.**

**Kaya't pinatulog ng Panginoon ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat niyon. Ang tadyang na iyo'y ginawa niyang isang babae, at inilapit sa lalaki. Sinabi ng lalaki, "Sa wakas, narito ang isang tulad ko, laman ng aking laman, buto ng aking buto; babae ang siyang itatawag sa kanya sapagkat sa lalaki nagmula siya."**


**Ito ang dahilan kaya iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina upang sumama sa kanyang asawa, sapagkat sila'y nagiging iisa.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 127*

***B* –*Tayo nawa ay basbasan ng Poon magpakailanman!***

*R. M. Velez*




* **Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika'y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan, ang buhay ay maligaya't uunlad ang kanyang buhay. *B.***

* **Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n'ya. *B.***

* **Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-unlad ng Jerusalem. *B.***

* **Ang magiging iyong apo, nawa ikaw ay abutin, nawa'y maging mapayapa itong bayan ng Israel! *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Heb 2:9-11*
*Ipinaaalaala sa atin ngayon ng may-akda ng Liham sa mga Hebreo ang di maiiwasang bunga ng Pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos: ang kanyang pagkakahantad sa pagdurusa at kamatayan. Sa pamamagitan nito, naipakita niya ang kanyang pakikiisa sa lahat ng tao at natamo ang kanilang kaligtasan.*

*L*– Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid, alam nating si Hesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob niya na si Hesus ay mamatay para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya'y pinapagingganap ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Hesus ang pinagmumulan ng kanilang kaligtasan.**

**Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinapaging banal. Kaya't hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* –**Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *1 Jn 4:12*

*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**Sa pagmamahalan natin ang D'yos ay ating kapiling, pag-ibig n'ya'y lulubusin.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Mc 10:2-16*
*Ang pagpayag ni Moises sa pakikipaghiwalay sa asawa ay tanda ng pagkamakasalanan ng tao maging sa napakarelihiyoso mang lipunan. Misyon ni Hesus na ibalik ang pamilya sa orihinal nitong karangalan, kaisahan, at katatagan.*

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
*B* –**At sumaiyo rin!**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, may mga Pariseong lumapit kay Hesus. Ibig nilang masilo siya kaya't kanilang tinanong, "Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa?" Tugon niya, "Ano ang utos sa inyo ni Moises?" Sumagot naman sila, "Ipinahintulot ni Moises na hiwalayan ng lalaki**

**ang kanyang asawa matapos bigyan ng kasulatan sa paghihiwalay." Ngunit sinabi ni Hesus, "Dahil sa katigasan ng inyong ulo kaya niya inilagda ang utos na ito. Subalit sa pasimula pa, nang likhain ng Diyos ang sanlibutan: 'Nilalang niya silang lalaki at babae. Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa, at sila'y magiging isa.' Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao."**

**Pagdating sa bahay, ang mga alagad naman ang nagtanong kay Hesus tungkol sa bagay na ito. Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay gumagawa ng masama sa kanyang asawa – siya'y nangangalunya. At ang babaing humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay nangangalunya rin."**

**May nagdala ng mga bata kay Hesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay; ngunit pinagwikaan sila ng mga alagad. Nagalit si Hesus nang makita ito, at sinabi sa kanila, "Pabayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata, huwag ninyo silang sawayin, sapagkat sa mga katulad nila naghahari ang Diyos. Ito ang tandaan ninyo: ang sinumang hindi tumatanggap sa paghahari ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa mga pinaghaharian niya." At kinalong ni Hesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*** – Batay sa mga aral ng mga pagbasa ngayon na pahalagahan ang kabanalan ng kasal at ang kahalagahan nito sa balak ng Diyos, manalangin tayo ngayon para sa lahat ng pamilya sa buong daigdig:

***B* – Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Nawa'y ang Simbahang Katolika, sa pamumuno ng Santo Papa at mga Obispo, ay matagumpay na maitaguyod ang kaisahan at katatagan ng mga pamilya. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y pahalagahan ng lahat ng Katoliko ang kabanalan ng kasal at ipagtanggol ito laban sa lahat ng pagbatikos at pag-uusig. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y ang mga mag-asawang dumaranas ng krisis sa kanilang samahan ay makatagpo ng lakas para mapagtagumpayan ang mga problema sa pamamagitan ng dasal at pagmamalasakit sa kanilang mga anak. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y pahalagahan ng lahat ng guro ang bokasyon na kaloob sa kanila ng Diyos at magturo sila nang may pagmamahal. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y maisabuhay natin ang ating pinaniniwalaan bilang mga Kristiyano at maihanay ang ating buhay ayon sa mga katotohanan ng ating pananampalataya. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y maipagtaguyod nating lahat ang estilo sinodal sa ating pamumuhay, sa pananagutan sa isa't isa, upang mapalaganap ang kaisahan, diwa ng pakikisalamuha at pakikiisa sa misyon ng Simbahan ng lahat mga mga pari, relihiyoso, at laiko. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** – Panginoong Diyos, sa Iyong plano para sa sangkatauhan, ibig Mo na ang bawat pamilya ay maging isang sakramento ng Iyong mabungang pagmamahal. Pagkalooban Mo ang lahat ng pamilya ng kasaganaan ng Iyong biyaya at kasiyahan ng Iyong presensiya. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B* – Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .

***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahain ng mga alay na iyong inihabilin at sa pagdiriwang ng dapat naming ganapin ang kabanalan ng iyong pagliligtas nawa'y sumaamin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## Prepasyo ng Pag-iisang Dibdib (III)

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!

***B* – At sumaiyo rin!**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* – Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* – Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa paglikha mo sa tao bilang iyong kawangis, ang iyong kadakilaan ay iyong ipinamana upang mailahad ang iyong dakilang pag-ibig sa tapat na pagsasama ng

mga mag-asawa. Hindi ba't iyong pag-ibig ang sanhi ng paglikha sa tao? Kaya't pag-ibig mo pa rin ang mamanahin ng mga tapat sa iyo. Ang pag-iisang dibdib ng mga magsing-ibig ay siyang banal na tagapahiwatig ng iyong maaasahang pagtatangkilik kaya't sa pag-ibig mo sumasanib ang pag-ibig ng mag-asawa sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**

*P* – Hinihiling namin . . .

***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang Panginoo'y dakila sa kabutihan n'yang kusa para sa nagtitiwala sa kanyang habag at awa na kanyang dulot sa madla.**

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa pagsasalo namin sa pagkai't inuming banal kami ay maging Katawan ni Kristo na aming pinakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

***B* – At sumaiyo rin!**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* – Amen!**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***B* – Salamat sa Diyos!**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# TIPUNAN, TAMPULAN, TIPANAN

*Kalakbay at Katoto*

Isang malinaw na hibla at diwa ng pagtitipon, pagkakaisa, at pagniniig ang hatid ng mga pagbasa. “Hindi mainam na mag-isa ang tao.” Ito ang unang banat ng pagbasa mula sa aklat ng Genesis. Kung kaya’t ang tao ay nilikha niyang nakatuon ang kalikasan sa pagtitipon, pakikpag-ugnay, pakikipagniig. At ang unang halimbawa ay ang pagkalikha kay Adan at kay Eva.

Malinaw rin sa pagbasa ang katotohanang ang tao ay tampulan ng pagkalinga ng Diyos, objeto ng Kanyang pagmamahal, at tagatanggap ng karangalang inilaan ng Maylikha sa naghahawak ng pinakamataas na antas ng dignidad bilang nilalang ng Diyos. Bagama’t ginawa ayon sa sulat sa mga Hebreo na kaunti lang ang baba sa mga anghel, ang tao ay naging karapat-dapat sa pagpapakasakit at pagkamatay ng tagapagligtas, na nagdusa at naghirap para sa ating kaligtasan.

Tampulan ng pagmamahal at atensyon . . . Iyan ang katotohanan tungkol sa tao, tulad ng ang isang bata ay naging tampulan ng atensyon ng Panginoon, at naging modelo at larawan ng kung anong uri ng pagkakaisa ang dapat mamayani at maghari sa pagitan natin at ng Diyos. Nguni’t sa sandali ng matinding pagsubok, sa oras ng kagipitan at panganib sa buhay, mahirap makita na tayo ang tampulan ng atensyon at pagmamahal ng Diyos.

Pero nanatili ang katotohahanang ito. Ang tao ang tampulan ng atensyon at pag-ibig ng Diyos. Paulit-ulit na sinaad sa Genesis: “at nalugod ang Diyos sa kanyang nilikha.” Nalugod ang Diyos sa atin. Tulad ng kalugurang hatid ng Panginoon sa mga batang hinayaan Niyang lumapit sa kanya. “Sapagka’t ang kaharian ng langit ay para sa mga tulad nila.” At dito marahil dapat natin ituon ang pagninilay natin sa araw na ito . . .

Ang kaharian ng langit ay para sa mga tulad nila … mga musmos na walang malisya, walang kamuang-muang, payak, hindi matakaw at madaya, hindi mapagkamal, at hindi mapagimbot, hindi suwail, hindi nagnanakaw at nagmamalabis sa kapwa. Ang kaharian ng langit ay para sa mga katulad nila.

Mahaba at maraming taon na ang nakaraan magmula nang binansagan natin ang bayan bilang perlas ng silanganan. Maraming taon na natin inaawit ang isang katotohanang mabilis nagiging kabulaanan . . . dahil sa ating sariling kagagawan! Ang bahang rumagasa sa maraming lugar sa bayan kamakailan (Ondoy, Carina, atbp) ay puno ng putik, ng lupang naanod mula sa bundok na wala nang puno. Ang kalikasang kinalugdan ng Diyos ay siya ring kalikasang winalang-hiya ng tao, ng mga taong hindi na bata, na puno ng malisya, puno ng pagkamakasarili, puno ng pagkakanya-kanya.

Ang lahat ng ito ay nag-uugat sa kasalanan ng tao . . . kasalanan nating lahat na unti-unting nabubulag sa maraming kasakitan ng lipunan dahil sa kinasanayan na natin.

Ang aklat ng Genesis ay isang salaysay ng tipanan. Nagsimula ang lahat sa isang tipanan na binale-wala ni Adan at Eva. Nagbunga ito ng kamatayan, ng paghihirap, ng pangangailangang magbanat ng buto upang ang tao ay mabuhay. Subali’t matapos ang pagsalungat sa balak ng Diyos, pagtitipon at pagniniig pa rin ang dulot ng Diyos sa taong makasalanan. Hindi Siya nanghinawa at nagsawang tumawag sa atin sa isang pagtitipon at kaisahang malalim at wagas.

Ang kanyang pag-ibig sa atin ay walang hangganan, tapat, wagas, at walang kapantay. Ito ang panawagan sa atin ngayon. Ang sakramento ng kasal ay dapat isang larawan ng tipanang ito sa pagitan ng Diyos at ng tao . . . isang tipanang wala dapat balakid, walang pasubali, walang pagbabakli. At pinagsama ng Diyos ay hindi dapat paghiwalayin . . .

Isang malinaw na pahatid sa atin ang mga nagaganap sa kasaysayan. Ang Diyos ay patuloy na nagpapahayag at nagwiwika sa atin. May papel tayong lahat sa ating kapighatian. Nag-ugat ang lahat ng ito sa ating pagkamakasalanan, ang ating pagbabale-wala sa tipanan na ating iniwanan at nilisan. Kasama rito ang tipanan at tipunan o pagniniig na dapat ring mabasa at masalamin sa wastong paggamit natin ng kaloob ng kalikasan.

Maging tulad nawa tayo ng isang bata. Puno ng pag-asa sa Diyos, wala siyang binabalak na anumang panlalamang sa iba. Ilan pa kayang trahedya ang dapat mangyari bago tayo magising sa katotohanang tayo ay napapasailalim sa isang tipunan na may kaakibat na tipanan?